Tagalog

# Reverence for Sacred Things

By Elder Ulisses Soares
*Of the Quorum of the Twelve Apostles*

# Pagpipitagan sa mga Sagradong Bagay

Ni Elder Ulisses Soares
*Ng Korum ng Labindalawang Apostol*

April 2025 general conference

*Reverence for the sacred fosters genuine gratitude, expands true happiness, leads our minds to revelation, and brings greater joy to our lives.*

*Ang pagpipitagan sa sagrado ay naghihikayat ng tunay na pasasalamat, lalong nagpapadama ng tunay na kaligayahan, umaakay sa ating isipan na makatanggap ng paghahayag, at nagdudulot ng higit na kagalakan sa ating buhay.*

In the book of Exodus, we travel with Moses to the slopes of Mount Horeb as he turned aside from his daily cares—something we all should be willing to do—to see the burning bush that was not consumed. As he approached, "God called unto him out of the midst of the bush, and said, Moses, Moses. And he said, Here am I. And [God] said, … put off thy shoes from off thy feet, for the place whereon thou standest is holy ground."In great reverence, humility, and wonder, Moses removed his shoes and prepared himself to hear the word of the Lord and to experience His holy presence.

Sa aklat ng Exodo, mababasa natin na pumunta si Moises sa mga dalisdis ng Bundok ng Horeb at isinantabi niya ang kanyang pang-arawaraw na mga alalahanin—isang bagay na dapat ay handa nating gawin—para makita ang punungkahoy na nagliliyab pero hindi nasusunog. Nang siya ay papunta na, "tinawag siya ng Diyos mula sa gitna ng [palumpong], Moises, Moises. At sinabi niya, Narito ako. At [sinabi ng Diyos], … hubarin mo ang sandalyas sa iyong mga paa sapagkat ang dakong iyong kinatatayuan ay banal na lupa."Taglay ang matinding pagpipitagan, pagpapakumbaba, at pagkamangha, hinubad ni Moises ang kanyang sapatos at inihanda ang kanyang sarili na pakinggan ang salita ng Panginoon at madama ang Kanyang banal na presensya.

That sacred mountain epiphany was an experience filled with awe-inspiring reverence, connected Moses to his divine identity, and was, in fact, a key element of his transformation from a humble shepherd to a powerful prophet, leading him to walk a new path in life. Similarly, each of us can transform our discipleship into a higher pattern of spirituality by making the virtue of reverence a sacred part of our spiritual character.

Ang sagradong epipanya sa bundok ay isang karanasan na puno ng inspirasyon at pagpipitagan, nag-ugnay kay Moises sa kanyang banal na pagkakakilanlan, at, sa katunayan, isang mahalagang elemento ito ng kanyang pagbabago mula sa hamak na pastol tungo sa makapangyarihang propeta, na nagtulot sa kanya na tahakin ang bagong landas sa buhay. Gayundin, mas magagawa ng bawat isa sa atin na higit na gawing espirituwal ang ating pagkadisipulo kapag ginawa nating bahagi ng ating espirituwalidad ang pagiging mapitagan.

The wordreverencecan be traced to the Latin verbrevereri, which means to "stand in awe of."In the gospel sense, this definition mingles with a

Ang salitangreverenceo pagpipitagan ay hango sa pandiwang Latin narevereri, na ibig sabihin ay "mamangha."Sa aspeto ng ebanghelyo,

feeling or attitude of profound respect, love, and gratitude. Such expression for the sacred by those who have a contrite heart and deep devotion to God and Jesus Christ fosters increased joy in their souls.

ang kahulugang ito ay may kaakibat na malaking paggalang, masidhing pagmamahal, at pasasalamat. Ang pagpipitagang ito sa mga bagay na sagrado ng mga may pusong nagsisisi at lubos na katapatan sa Diyos at kay Jesucristo ay nagdaragdag ng kagalakan sa kanilang kaluluwa.

Reverence for sacred things is the greatest manifestation of a vital spiritual quality; it is a by-product of our connection to holiness and reflects our love for and proximity to our Heavenly Father and our Savior, Jesus Christ. It is also one of the most elevated experiences of the soul. Such virtue directs our thoughts, hearts, and lives toward Deity. In fact, reverence is not just an aspect of spirituality; it is the essence of it—the foundation upon which spirituality is built, creating a personal connection to the divine, as taught by our children when they sing, "When I am rev'rent, I know in my heart Heav'nly Father and Jesus are near."

Ang pagpipitagan sa mga sagradong bagay ang pinakadakilang pagpapakita ng espirituwal na katangian; ito ay bunga ng ating pagkakaugnay sa kabanalan at sumasalamin sa ating pagmamahal at pagiging malapit sa ating Ama sa Langit at sa ating Tagapagligtas na si Jesucristo. Isa rin ito sa mga pinakaespirituwal na karanasan ng kaluluwa. Ang gayong kabanalan ay nagtutuon ng ating isipan, damdamin, at buhay sa Diyos. Sa katunayan, ang pagpipitagan ay hindi lamang isang aspeto ng espirituwalidad; ito ang diwa nito—ang pundasyon kung saan nakasalig ang espirituwalidad, na lumilikha ng personal na kaugnayan sa kabanalan, tulad ng itinuturo ng ating mga anak kapag inaawit nila ang, "Kapag magalang aking nadarama Ama't si Jesus ay kasama."

As disciples of Jesus Christ, we are invited to cultivate the gift of reverence in our lives in order to open ourselves to a deeper communion with God and His Son, Jesus Christ, simultaneously strengthening our spiritual character. Had we more of such feelings in our hearts, there would be undoubtedly greater joy and delight in our lives, and there would be less room for sorrow and sadness.We must remember that showing reverence for sacred things gives meaning to much of what we do every day and strengthens our feeling of gratitude—inspiring awe, respect, and love for higher and holier things.

Bilang mga disipulo ni Jesucristo, hinihikayat tayong linangin ang kaloob ng pagpitagan sa ating buhay upang maging handang makipag-ugnayan nang mas malalim sa Diyos at sa Kanyang Anak na si Jesucristo, at kasabay nito ay palakasin ang ating espirituwal na pagkatao. Kung mas nadarama natin iyan sa ating puso, walang duda na magkakaroon ng mas malaking kagalakan at kasiyahan sa ating buhay, at wala na halos puwang para sa kalungkutan.Dapat nating tandaan na ang pagpipitagan sa mga sagradong bagay ay nagbibigay ng kahulugan sa karamihan ng ginagawa natin araw-araw at nagpapaibayo sa pagiging mapagpasalamat natin—nagpapadama ng pagkamangha, paggalang, at pagmamahal sa mas dakila at mas banal na mga bagay.

Unfortunately, we live in a world where showing reverence for sacred things is becoming increasingly uncommon. In fact, the world celebrates the irreverent, as any perusal of a tabloid magazine, television program, or the internet attests. The absence of respect for the sacred produces an increasing casualness in attitude and carelessness in conduct, which can rapidly spiral one generation into apathy and catapult the next generation into misery.

Nakalulungkot na nabubuhay tayo sa mundo na halos palasak na ang kawalan ng pagpipitagan sa mga sagradong bagay. Sa katunayan, tinatangkilik ng mundo ang mga bagay na 'di kakikitaan ng pagpipitagan tulad ng makikita sa tabloid, programa sa telebisyon, o sa internet. Ang kawalan ng paggalang sa kasagraduhan ay nagbubunga ng kawalang pagpapahalaga at kapabayaan, na mabilis na nagtutulak sa isang henerasyon na mawalan ng respeto sa mga bagay na sagrado at maglalagay sa susunod pang henerasyon sa kaaba-abang kalagayan.

Irreverence can also lead us away from the

Ang kawalang-pitagan ay maaari ding

bonds that covenants with God provide and diminish our sense of accountability before Deity. Consequently, we run the risk of caring only about our own comfort; satisfying our uncontrolled appetites; and ultimately arriving to the unholy place of despising sacred things, even God, and consequently our divine nature as children of Heavenly Father. Irreverence toward sacred things furthers the adversary's aims by disrupting our sensitive channels of revelation, which are crucial for our spiritual survival in our day.

maglayo sa atin sa mga tipang nag-uugnay sa atin sa Diyos at mag-udyok sa ating akalain na wala tayong anumang pananagutan sa Diyos. Dahil dito, mas madali tayong matutuksong gumawa ng mga bagay na nakatuon lamang sa sariling kaginhawahan; binibigyang-kasiyahan ang pagnanasa sa mga bagay ng mundo; at sa huli ay maudyukan na hamakin ang mga sagradong bagay, maging ang Diyos, at kalaunan ang ating banal na katangian bilang mga anak ng Ama sa Langit. Ang kawalang-galang sa mga sagradong bagay ay magsusulong sa mithiin ng kaaway gamit ang lahat ng paraang makakahadlang sa ating tumanggap ng paghahayag, na mahalaga sa espirituwal na kaligtasan natin sa ating panahon.

The meaning and importance of reverence for what is sacred is well outlined throughout the scriptures. One instance in the Doctrine and Covenants would seem to indicate that reverence toward our Heavenly Father and His Son, Jesus Christ, is an essential virtue for those who attain the celestial kingdom.

Ang kahulugan at kahalagahan ng pagpipitagan sa mga bagay na sagrado ay malinaw na nakabalangkas sa buong banal na kasulatan. Isang pangyayari sa Doktrina at mga Tipan ang tila nagpapahiwatig na ang paggalang sa ating Ama sa Langit at sa Kanyang Anak na si Jesucristo ay isang mahalagang katangian para sa mga taong makakamit ang kahariang selestiyal.

As a church we strive to hold the Father and the Son in the utmost sacredness and respect in every aspect, including how we depict Their images. The guidance of the Holy Ghost is a crucial component in determining how these images should reflect the sacred nature, character, and godly attributes of the Father and of the Son. We are very careful to avoid portraying elements that could distract from our primary focus on our Heavenly Father and His Son, Jesus Christ, and Their teachings, including how we apply advanced tools offered by technology, such as using artificial intelligence (AI) to generate content and images.

Bilang isang simbahan, sinisikap nating ibigay sa Ama at sa Anak ang lubos na kabanalan at paggalang sa lahat ng aspeto, kabilang na ang paraan ng paglalarawan natin sa Kanilang mga imahe. Ang patnubay ng Espiritu Santo ay mahalagang bahagi sa pagtukoy kung paano dapat ipakita ng mga imaheng ito ang sagradong kalikasan, pagkatao, at mabuting katangian ng Ama at ng Anak. Iniingatan nating magpakita ng mga elementong maaaring makagambala sa ating pangunahing pagtutuon sa ating Ama sa Langit at sa Kanyang Anak na si Jesucristo at sa Kanilang mga turo, kabilang na ang paggamit natin ng makabagong tools na inaalok ng teknolohiya, tulad ng paggamit ng artificial intelligence (AI) upang makabuo ng nilalaman at mga imahe.

This same principle is applied to any source of information available through the official communication channels of the Church. Every lesson, book, manual, and message is carefully developed and approved under the direction of the Spirit to make sure we maintain the sacred virtue, values, and standards of the gospel of Jesus Christ. In a recent message for the young adults of the Church, Elder David A. Bednar taught, "To navigate the complex intersection of spirituality and technology, Latter-day Saints should humbly and prayerfully (1) identify gospel principles that can guide their use of artificial

Ang gayon ding alituntunin ay ginagamit sa anumang mapagkukunan ng impormasyon na makukuha sa mga opisyal na daluyan ng komunikasyon ng Simbahan. Ang bawat aralin, aklat, manwal, at mensahe ay maingat na binuo at inaprubahan sa ilalim ng patnubay ng Espiritu upang matiyak na napananatili natin ang sagradong kabanalan, pagpapahalaga, at pamantayan ng ebanghelyo ni Jesucristo. Sa mensahe kamakailan para sa mga young adult ng Simbahan, itinuro ni Elder David A. Bednar, "Upang mahanap ang kumplikadong interseksyon ng espirituwalidad at teknolohiya, ang mga Banal sa mga Huling Araw

intelligence and (2) strive sincerely for the companionship of the Holy Ghost and the spiritual gift of revelation."

ay dapat na mapagpakumbaba at mapanalanging (1) tukuyin ang mga alituntunin ng ebanghelyo na maaaring gumabay sa kanilang paggamit ng artificial intelligence at (2) tapat na magsikap upang makasama ang Espiritu Santo at ang espirituwal na kaloob ng paghahayag."

My dear brothers and sisters, as sophisticated as modern technology has become, it simply cannot simulate the wonder, awe, and amazement found in the kind of reverence born from the influence of the Holy Ghost. As followers of Christ, we need to be careful not to weaken our connection with God and His Son by using AI-generated content and images inappropriately. We should remember that relying on a modern technological "arm of flesh" is an inadequate and disrespectful substitute for the inspiration, edification, and witness that can be received only through the power of the Holy Ghost. As Nephi declared: "O Lord, I have trusted in thee, and I will trust in thee forever. I will not put my trust in the arm of flesh."

Mahal kong mga kapatid, sopistikado man ang makabagong teknolohiya, hindi nito matutularan ang kamangha-mangha at kagila-gilalas na pagpipitagang nagmumula sa impluwensya ng Espiritu Santo. Bilang mga disipulo ni Jesucristo, kailangan nating maging maingat na huwag pahinain ang ating pakikipag-ugnayan sa Diyos at sa Kanyang Anak sa pamamagitan ng hindi angkop na paggamit ng nilalaman at mga imahe na binuo ng AI o artipisyal na katalinuhan. Dapat nating tandaan na ang pag-asa sa makabagong teknolohiyang "bisig ng laman" ay hindi sapat at karapat-dapat na pamalit sa inspirasyon, pagpapatibay, at patotoo na matatanggap lamang sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo. Tulad ng ipinahayag ni Nephi, "O Panginoon, ako ay nagtiwala sa inyo, at ako ay magtitiwala sa inyo magpakailanman. Hindi ako magtitiwala sa bisig ng laman."

In another revelation, the Prophet Joseph Smith was instructed that temples erected unto the Lord should be a place of reverence to Him. Throughout his ministry, our dear prophet, President Russell M. Nelson, has strongly emphasized our worship in reverence in the sacred temple.In the house of the Lord, we are taught about entering into the holy presence of the Father and the Son. I have always found it instructive and even inspiring that one of the first things we do upon entering the temple and preparing ourselves to participate in the sacred ordinances there is to remove our shoes and change into our white clothing. Like Moses, if we are intentional, we can recognize that taking off our worldly shoes is the beginning of stepping onto holy ground and being transformed in higher and holier ways.

Sa isa pang paghahayag, iniutos kay Propetang Joseph Smith na ang mga templong itinayo para sa Panginoon ay dapat maging lugar ng pagpipitagan sa Kanya.Sa kanyang ministeryo, palaging binibigyang-diin ng ating mahal na propeta na si Pangulong Russell M. Nelson ang ating pagsamba nang may pagpipitagan sa sagradong templo.Sa bahay ng Panginoon, tinuturuan tayo tungkol sa pagpasok sa banal na presensya ng Ama at ng Anak. Noon pa man, isang kaalaman at inspirasyon para sa akin na isa sa mga unang ginagawa natin pagpasok sa templo at sa paghahanda na makibahagi sa mga sagradong ordenansa doon ay ang maghubad ng sapatos at magpalit ng puting damit. Tulad ni Moises, kung magpopokus tayo, mauunawaan natin na ang paghuhubad ng ating sapatos na panlabas ay ang simula ng pagpasok sa banal na lugar at pagbabago tungo sa mas mataas at mas banal na paraan.

Brothers and sisters, we do not need to climb to the top of a mountain, like Moses did, to discover reverence for sacred things and convert our discipleship into a deeper level of spirituality and devotion. We can find it, for example, as we strive to protect our home environment from worldly influences. This can be accomplished by sincerely and fervently praying before our Heavenly Father

Mga kapatid, hindi natin kailangang umakyat sa tuktok ng bundok, tulad ng ginawa ni Moises, para makadama ng pagpipitagan sa mga sagradong bagay at gawing mas malalim na antas ng espirituwalidad at debosyon ang ating pagkadisipulo. Halimbawa, makikita natin ito habang nagsisikap tayong protektahan ang ating tahanan laban sa mga impluwensya ng mundo.

in the name of Jesus Christ and seeking to better know our Savior through our diligent study of the word of God found in the scriptures and in the teachings of our prophets. Additionally, such spiritual transformation can come as we strive to honor the covenants we have made with the Lord by living in obedience to the commandments. These efforts can bring a quiet and certain stillness to our hearts. Focusing on such actions can surely help transform our homes into reverent places of spiritual refuge—personal sanctuaries of faith where the Spirit resides,much like the mountain experience of Moses.

Maisasakatuparan ito sa taos-puso at taimtim na pananalangin sa ating Ama sa Langit sa pangalan ni Jesucristo at paghahangad na mas makilala ang ating Tagapagligtas sa ating masigasig na pag-aaral ng salita ng Diyos na matatagpuan sa mga banal na kasulatan at sa mga turo ng ating mga propeta. Bukod pa rito, ang gayong espirituwal na pagbabago ay maaaring dumating kapag sinisikap nating tuparin ang mga tipang ginawa natin sa Panginoon sa pamamagitan ng pagsunod sa mga kautusan. Ang mga pagsisikap na ito ay maaaring magdulot ng tahimik at tiyak na kapayapaan sa ating mga puso. Ang pagtutuon sa gayong mga pagkilos ay tiyak na makakatulong na gawing mapitagang lugar ng espirituwal na kanlungan ang ating tahanan—mga santuwaryo ng pananampalataya kung saan nananahan ang Espiritu,katulad ng karanasan ni Moises sa bundok.

We can also experience such spiritual transformation as we faithfully participate in the Church's worship service, including tuning our hearts to the Lord through our sincere singing of sacred hymns.Turning aside—like Moses—from worldly distractions, especially our cell phones or anything not in harmony with this sacred moment, enables us to turn our full attention to partaking of the sacrament, with our minds and hearts focused on the Savior and His atoning sacrifice along with our own covenants. Such sacramental focus will foster a reverently renewing moment of our communion with the Savior and will make the Sabbath a delight and transform our life.

Maaari rin nating maranasan ang gayong espirituwal na pagbabago kapag tapat tayong nakikibahagi sa pagsamba sa Simbahan, kabilang na ang pagbaling ng ating puso sa Panginoon sa ating taos-pusong pag-awit ng mga sagradong himno.Ang pagsasantabi—tulad ng ginawa ni Moises—sa mga nakagagambala, lalo na ang ating mga cellphone o anumang bagay na hindi naaayon sa sagradong sandaling ito, ay nagtutulot sa atin na makapagtuong mabuti sa pagtanggap ng sakramento, nakatuon ang mga puso't isipan sa nagbabayad-salang sakripisyo ng Tagapagligtas gayundin sa ating sariling mga tipan. Ang pagtuon sa sakramento ay magiging mapitagang sandali ng pakikipag-ugnayan natin sa Tagapagligtas at magpapanibago ng ating buhay.

Ultimately, we can experience this spiritual change in our discipleship as we regularly worship in the mountain of the Lord's house—our holy temples—and strive to live with covenant confidence, especially when we face the trials of mortal life.

Sa huli, mararanasan natin ang espirituwal na pagbabagong ito sa ating pagkadisipulo kapag regular tayong sumasamba sa bundok ng bahay ng Panginoon—ang ating mga banal na templo—at sinisikap na mamuhay nang nagtitiwala sa ating mga tipan, lalo na kapag dumaranas tayo ng mga pagsubok sa buhay bilang mortal.

My wife and I have personally experienced some sacred mountain moments in reverence as we have strived to apply these principles in our life, which has caused a meaningful transformation in our discipleship. I remember like it was yesterday walking through the cemetery before burying our second child, who was born prematurely and did not survive, while my wife was still recovering in the hospital. I recall praying to God

Personal naming naranasan ng aking asawa ang ilang sagradong sandali ng pagpipitagan sa bundok habang sinisikap naming ipamuhay ang mga alituntuning ito, na naging sanhi ng makabuluhang pagbabago sa aming pagiging disipulo. Naaalala ko na parang kahapon lamang, naglalakad ako sa sementeryo bago inilibing ang aming pangalawang anak, na isinilang nang hindi pa panahon at hindi nakaligtas, habang nagpapag-

with great fervency and reverence, asking for help to cope with that challenging trial. In that instant, I received a clear and powerful spiritual assurance in my heart: Everything will be fine in our lives if my wife and I endure, holding on to the joy that comes from living the gospel of Jesus Christ. What seemed like an overwhelming, sorrowful challenge at the time turned into a sacred, reverent experience, a capstone that has helped sustain our faith and has given us confidence in the covenants we have made with the Lord and in His promises for me and my family.

My brothers and sisters, reverence for the sacred fosters genuine gratitude, expands true happiness, leads our minds to revelation, and brings greater joy to our lives. It places our feet on holy ground and lifts our hearts to Deity.

I testify to you that as we strive to incorporate such virtue into our daily lives, we will be able to increase our humility, expand our understanding of God's will for us, and strengthen our confidence in the promises of the covenants we have made with the Lord. I witness that as we embrace this gift of reverence for sacred things—whether in the mountain of the Lord's house, in a meetinghouse, or in our own homes—we will be filled with astounding amazement and awe as we connect to the perfect love of our Heavenly Father and Jesus Christ. I reverently witness these truths in the sacred name of our Savior and Redeemer, Jesus Christ, amen.

aling pa ang asawa ko sa ospital. Naaalala ko na taimtim akong nanalangin sa Diyos, sumasamo na tulungan akong makayanan ang mabigat na pagsubok na iyon. Sa sandaling iyon, nakatanggap ako ng malinaw at makapangyarihang espirituwal na katiyakan sa aking puso: Magiging maayos ang lahat sa aming buhay kung magtitiis kami ng aking asawa, magtutuon sa kagalakang nagmumula sa pamumuhay ng ebanghelyo ni Jesucristo. Ang dating tila hindi makayanan at napakalungkot na hamong iyon ay naging sagrado at espirituwal na karanasan, isang nakaaantig na karanasan na nakatulong sa amin na patuloy na manampalataya at magtiwala sa mga tipang ginawa namin sa Panginoon at sa Kanyang mga pangako para sa akin at sa aking pamilya.

Mga kapatid, ang pagpipitagan sa sagrado ay naghihikayat ng tunay na pasasalamat, higit na nagpapadama ng tunay na kaligayahan, umaakay sa ating isipan na makatanggap ng paghahayag, at nagdudulot ng higit na kagalakan sa ating buhay. Inilalagay nito ang ating mga paa sa banal na lupa at itinataas ang ating mga puso sa Diyos.

Pinatototohanan ko sa inyo na kapag sinisikap nating ilakip ang gayong kabanalan sa ating pang-araw-araw na buhay, mapag-iibayo natin ang ating kababaang-loob, mapalalawak ang ating pag-unawa sa kalooban ng Diyos para sa atin, at mapalalakas ang ating tiwala sa mga pangako ng mga tipan na ginawa natin sa Panginoon. Pinatototohanan ko na kapag tinatanggap natin ang kaloob na ito ng pagpipitagan sa mga sagradong bagay—sa bundok man ng bahay ng Panginoon, sa meetinghouse, o sa sarili nating mga tahanan—mapupuspos tayo ng pagkamangha kapag naramdaman natin ang ganap na pagmamahal ng ating Ama sa Langit at ni Jesucristo. Buong pagpipitagan kong pinatototohanan ang mga katotohanang ito sa sagradong pangalan ng ating Tagapagligtas at Manunubos na si Jesucristo, amen.